フィリピン語版

# 就学ガイドブック
# Aklat na Patnubay sa Pagpasok sa Paaralan

## 日本の学校への入学手続き
## Paraan ng Pagpasok sa Paaralan ng Japan

2015 年 4 月
Abril, 2015

文部科学省

Ministri ng Edukasyon, Kultura, Isports, Agham at Teknolohiya

# 目　次

１．我が国の学校教育について・・・・ 3

２．就学手続きについて　・・・・・・・15

３．学校生活について　・・・・・・・23

４．教育相談について　・・・・・・・35

# Mga Nilalaman

1. Ukol sa Edukasyon sa Paaralan ng Japan · · · 4

2. Ukol sa Paraan sa Pagpasok sa Paaralan · · · 16

3. Ukol sa Buhay sa Paaralan · · · · · · · · · · · · · · · · · 24

4 . Konsultasyon ukol sa Edukasyon · · · · · · · · · 36

# １．我が国の学校教育について

## ❶　学校教育制度

### （1）　学校教育制度

**●日本の学校系統図**

（5ページ参照）

**●就学前教育について**

満３歳から小学校就学までの幼児を対象とし、幼稚園で行われています。

**●義務教育について**

義務教育は、満６歳～満 15 歳までの９年間、小学校、中学校、中等教育学校（前期課程）及び特別支援学校（小学部・中学部）で行われています。

**●初等中等教育について**

小学校は、満６歳を過ぎた最初の４月から入学することができ、６年間の教育を受けます。小学校を卒業すると中学校に入学することができ、３年間の教育を受けます。

高等学校は、小学校及び中学校における義務教育を修了した人を対象に普通教育及び専門教育を行っており、通常３年間の教育を受けます。

小学校を修了した人を対象に、６年間で義務教育（前期課程）と専門教育（後期課程）を一貫して行う中等教育学校もあります。

障害のある子供のために、特別支援学校（小学部・中学部・高等部）が設けられています。また、小学校・中学校において、特別支援学級や、主に通常の学級で授業を受けながら障害に応じた取り出し指導を受ける通級指導教室において教育を行う場合もあります。いずれの場でも、児童生徒一人一人の障害の状態に応じたきめ細かな教育が行われています。

# 1. Ukol sa Edukasyon sa Paaralan ng Japan

## ❶ Ang Sistema ng Edukasyon sa Paaralan

### (1) Ang Sistema ng Edukasyon sa Paaralan

- **Ang Organisasyon ng Sistema ng Pang-edukasyon sa Japan**
  (Tingnan sa pahina 6.)


- **Ukol sa Edukasyon Bago Pumasok sa Paaralan**
  Isinasagawa ito sa mga kindergarten na umaayon sa mga batang may edad na tatlo hanggang sa pumasok sa elementary school.

- **Ukol sa Mga Kinakailangang Edukasyon (Compulsory Education)**
  Siyam na taon ang kinakailangang edukasyon ng mga bata mula sa anim hanggang labinlimang taong gulang, na isinasagawa sa mga elementary school, junior high school, secondary school (unang tatlong taon na kurso) o sa mga school for special needs education (dibisyon ng elementary school at dibisyon ng junior high school).


- **Ukol sa Primarya at Sekundaryang Edukasyon**
  Maaaring pumasok ang mga bata sa elementary school at kumuha ng edukasyon sa loob ng anim na taon mula sa unang Abril matapos ang ika-anim na kaarawan. Matapos ang elementary school, maaaring pumasok sa junior high school at kumuha ng edukasyon sa loob ng tatlong taon.
  Ang senior high school ay para sa mga taong nakatapos ng kinakailangang edukasyon sa elementary school at junior high school, na nagbibigay ng pangkaraniwang edukasyon at specialized education na karaniwang kinukuha ang edukasyon sa loob ng tatlong taon.
  Mayroon din mga secondary school para sa mga taong nakatapos ng elementary school na nagbibigay ng kinakailangang edukasyon (unang tatlong taon na kurso) at specialized education (huling tatlong taon na kurso) sa loob ng tuluyang anim na taon.
  Para sa mga batang may kapansanan, mayroon din mga school for special needs education (dibisyon ng elementary school, junior high school at senior high school). At sa elementary school at junior high school, maaari ring kumuha ng edukasyon sa special class o sa resource room kung saan nag-aaral nang isa-isa o kasama ng isang maliit na grupo ng estudyante sa ibang kwarto ayon sa kalagayan ng kapansanan habang nag-aaral sa karaniwang klase sa karamihang oras. Sa alinmang paaralan o klase, isa't isang binibigay sa bawat estudyante ang angkop at mabisang edukasyon ayon sa kalagayan ng kapansanan.

# 日本の学校系統図

| 就学前教育 | 初等教育 | 中等教育 | 高等教育 |
|---|---|---|---|



# Organisasyon ng Sistema ng Pang-edukasyon sa Japan



●**高等教育について**

高等教育は、主として大学と短期大学で行われています。これらは、高度で専門的な教育を行う機関で、通常、大学の修業年数は４年、短期大学は２年です。さらに高度な高等教育を行う機関として大学院（２年ないし５年）があります。

なお、この他に職業等に必要な能力を育成する機関として専門学校（主に２年）があります。

## （2） 教育内容

●**教育課程(カリキュラム)**

学校でどのようなことを学ぶかは、文部科学省が作成する学習指導要領に従って各学校が定めています。

なお、授業は通常日本語で行われます。

●**教科について**

**①小学校及び中学校**

小学校では、国語、社会、算数、理科、生活、音楽、図画工作、家庭及び体育の各教科、道徳、外国語活動、総合的な学習の時間及び特別活動について学習します。

中学校では、国語、社会、数学、理科、音楽、美術、保健体育、技術・家庭及び外国語の各教科、道徳、総合的な学習の時間及び特別活動について学習します。外国語は原則として、英語を学びます。

**②高等学校**

高等学校では、国語、地理歴史、公民、数学、理科、保健体育、芸術、外国語、家庭、情報の各教科、総合的な学習の時間及び特別活動について学習します。また、専攻科を置く高等学校においては、各学校の特色に応じた教科をあわせて学習します。

### Ukol sa Mas Mataas na Edukasyon

Ang mas mataas na edukasyon ay karaniwang isinasagawa sa mga college at junior college. Nagbibigay ang mga institusyong ito ng mas mataas na edukasyon at specialized education, na karaniwang natatapos ang pag-aaral sa loob ng apat na taon sa college at dalawang taon sa junior college. May mga graduate school (dalawa o limang taon na kurso) na nagbibigay ng mas higit na mataas na edukasyon.

Maliban dito, may institusyon na vocational school (karaniwan ay dalawang taon na kurso) na pinauunlad ang mga kinakailangang kakayahan para sa iba't ibang hanap-buhay.

## (2) Nilalaman ng Edukasyon

### Kurikulum

Itinatakda ng bawat paaralan kung ano ang dapat matutunan sa paaralan ayon sa balangkas ng patnubay sa pag-aaral na gawa ng Ministri ng Edukasyon, Kultura, Isports, Agham at Teknolohiya.

Ang pagtuturo sa klase ay pangkaraniwang isinasagawa sa wikang Hapon.

### Ukol sa Mga Subject na Pinag-aaralan

#### ①Elementary School at Junior High School

Pinag-aaralan sa elementary school ang bawat subject tulad ng wikang Hapon, araling panlipunan, aritmetika, agham, kabuhayan, musika, sining, araling pantahanan at edukasyong pangkatawan, at ang mabuting asal, ang aktibidad ng wikang banyaga, pangkalahatang oras ng pag-aaral at espesyal na aktibidad.

Pinag-aaralan sa junior high school ang bawat subject tulad ng wikang Hapon, araling panlipunan, matematika, agham, musika, sining, edukasyong pangkalusugan at pangkatawan, edukasyong pang-industriya at araling pantahanan at wikang banyaga, at ang mabuting asal, pangkalahatang oras ng pag-aaral at espesyal na aktibidad. Ayon sa patakaran, pinag-aaralan ang wikang Ingles bilang wikang banyaga.

#### ②Senior High School

Pinag-aaralan sa senior high school ang bawat subject tulad ng wikang Hapon, heograpya at kasaysayan, sibika, matematika, agham, edukasyong pangkalusugan at pangkatawan, sining, wikang banyaga, araling pantahanan at impormasyon, at pangkalahatang oras ng pag-aaral at espesyal na aktibidad. Sa senior high school na may professional course, pinag-aaralan din ang mga subject ayon sa mga katangian ng bawat paaralan.

③特別支援学校

特別支援学校では、幼稚園、小学校、中学校、高等学校に準ずる教育を行うとともに、「自立活動」という障害による学習上または生活上の困難を改善・克服するための特別の指導領域があります。また、子供の障害の状態等に応じた弾力的な教育課程が編成できるようになっています。

**●教科書について**

学習に使用する教科書は、小学校、中学校、中等教育学校（前期課程）、特別支援学校の小学部及び中学部の児童生徒に対して、新学年になるたびに国から無償で一人一人に給与されます。

なお、高等学校、中等教育学校（後期課程）については、国から無償給与はされません。特別支援学校の高等部については、都道府県教育委員会から購入費用の全額補助が受けられます。

※学校で使用する補助教材などは、購入費用を支払わなければなりません。

**●進級・進学について**

日本では、小学校・中学校・高等学校・特別支援学校に在籍中は飛び級の制度はなく、入学（編入学）した学年から順次、上級学年の学習へと進んでいきます。義務教育修了後、高等学校に進学する際は、通常は入学選抜試験を受けることになります。

**●就学援助について**

公立の小学校、中学校、特別支援学校（小学部・中学部）、中等教育学校（前期課程）の授業料は無償です。

経済的理由により、公立の小学校、中学校への就学が困難であると市教育委員会（地域によっては区教育委員会）又は町村教育委員会（以下、「市区町村教育委員会」という。）から認められた場合、学用品の購入費や学校給食費等必要な援助が受けられます。

詳しくは、お住まいの市区町村教育委員会にお問い合わせください。

### ③School for Special Needs Education

Sa mga school for special needs education, ang edukasyon na inaalinsunod sa edukasyon ng kindergarten, elementary school, junior high school at senior high school ang ibinibigay at mayroon din espesyal na larangan ng pagtuturo na tinatawag na “Aktibidad upang makapagsarili sa buhay” upang mapagaan at madaig ang kahirapan sa pag-aaral at pamumuhay dahilan sa kapansanan. Maaaring itatag ang kurikulum na naibabagay sa kalagayan ng kapansanan ng estudyante atbp.

### ●Ukol sa Mga Aklat-aralin

Ibinibigay nang libre ang mga aklat-aralin galing sa bansa sa bawat estudyanteng nasa elementary school, junior high school, secondary school (unang tatlong taon na kurso) o nasa dibisyon ng elementary school at dibisyon ng junior high school ng school for special needs education sa tuwing simula ng taon ng pag-aaral.

Hindi nagbibigay ang bansa nang libre ng mga aklat-aralin sa senior high school at secondary school (huling tatlong taon na kurso). Ang mga estudyanteng nasa dibisyon ng senior high school ng school for special needs education ay nakakatanggap ng tulong mula sa Board of Education ng prefecture para sa lahat ng gastos na magagamit sa pagbili.

*Ang gastos na gagamitin sa pagbili ng suplementaryong materyal at iba pang mga materyal sa pag-aaral na gagamitin sa paaralan ay kailangang bayaran.

### ●Ukol sa Pagpapatuloy sa Baytang at Pag-aaral

Sa Japan, walang sistema na maaaring laktawan ang panahon na nag-aaral sa elementary school, junior high school, senior high school at school for special needs education at itutuloy sa mataas na baytang ang pag-aaral nang sunod-sunod mula sa baytang ng pagpasok (pagtanggap sa pagpasok).

Pangkaraniwan kailangang kumuha ng entrance exam sa pagpapatuloy ng pag-aaral sa senior high school matapos ang mga kinakailangang edukasyon.

### ●Ukol sa Tulong sa Pagpasok sa Paaralan

Libre ang matrikula sa mga pampublikong paaralan sa elementary school, junior high school, school for special needs education (dibisyon ng elementary school at dibisyon ng junior high school) at secondary school (unang tatlong taon na kurso).

Kung napag-aalaman ng City Board of Education (Ward Board of Education, ayon sa lugar) o Town and Village Board of Education (Tatawagin na Board of Education ng city, ward, town, o village mula dito) na nahihirapan sa pagpasok sa pampublikong elementary school at junior high school ayon sa pinansyal na dahilan, maaaring makatanggap ng tulong tulad ng pambili sa mga gamit sa paaralan at bayad sa school lunch at iba pang kinakailangang tulong.

Para sa mga detalye, magtanong lamang sa Board of Education ng city, ward, town, o village sa inyong lugar.

**●高校段階での経済的支援について**

国公私立を問わず、授業料にあてるための高等学校等就学支援金を受給できます（受給要件あり）。また、私立高校等に通う場合、所得に応じて支給額が加算されます。返済の必要はありません。学校から申請用紙が配付されます。

なお、各都道府県では、低所得世帯に対する、授業料以外の教育費（教科書費、教材費、学用品費など）を支援するための返済不要の高校生等奨学給付金のほか、奨学金事業などを行っておりますので、お住まいの都道府県の高校担当にお問い合わせください。

### ● Ukol sa Pinansyal na Tulong sa Senior High School


Maaaring makatanggap ng Tulong-Pantustos Para sa Pag-aaral sa Senior High School at iba pang mga paaralan na katumbas ng senior high school para sa matrikula kahit na ang pinapasukang paaralan ay pambansa, pampubliko o pampribado man. (Subalit kailangang makasapat ang inyong kalagayan sa mga pangangailangan upang makatanggap ng tulong.) Para sa mga estudyanteng nasa pampribadong senior high school atbp, idadagdag ang tulong-pantustos ayon sa taunang kinikita ng sambahayan. Hindi na kailangang ibalik ang tulong-pantustos na ito. Ipinapamigay ang application form galing sa paaralan.

Sa bawat prefecture isinasagawa din ang mga scholarship project tulad ng hindi kailangang ibalik na Perang Benepisyo Para sa Tulong Pampasigla ng Pag-aaral sa Senior High School at iba pang mga paaralan na katumbas ng senior high school upang tumulong sa mga gastos na may kinalaman sa pag-aaral maliban sa matrikula (bayad sa aklat-aralin, panustos sa pag-aaral, kagamitan sa pag-aaral atbp.) para sa mga sambahayan na mababa ang taunang kinikita. Magtanong lamang sa dibisyon ng senior high school sa tanggapan ng prefecture sa inyong lugar.

## ❷ 学校組織

公立の小学校・中学校は市区町村教育委員会が設置しています。公立の高等学校・特別支援学校は都道府県教育委員会が設置していますが、市区町村教育委員会が設置している場合もあります。


ほとんどの学校の組織は、下記の図のようになっています。



## ❷ Organisasyon ng Paaralan

Ang mga pampublikong elementary school at junior high school ay itinatatag ng Board of Education ng city, ward, town o village. Ang mga pampublikong senior high school at school for special needs education ay itinatatag ng Board of Education ng prefecture subalit ang ilang mga pampublikong senior high school at school for special needs education ay itinatatag ng Board of Education ng city, ward, town o village.

Ang organisasyon ng karamihan sa mga paaralan ay tulad ng nakasulat sa ibaba.



# 2．就学手続きについて（小学校・中学校）

## ❶ 入学（編入学）の手続きの流れ




**市区町村　住民登録担当窓口**

転入届の手続きをする。

**市区町村教育委員会**


子供を日本の学校へ入学させる意志を伝える。

「外国人児童生徒入学申請書」又は「就学案内」（新入学のみ）をわたす。

「外国人児童生徒入学申請書」に必要事項を書き、提出する。

「外国人児童生徒入学許可書」をわたす（当日渡し又は郵送）。

※指定された学校名、場所を確認する。




**学　校**


指定された学校へ行き、学校と今後の学校生活について話し合う。

〇持って行くもの

- 「外国人児童生徒入学許可書」
- 母国の学校関係の書類
  （在籍証明書や成績証明書など）

# 2. Paraan sa Pagpasok sa Paaralan (Elementary School at Junior High School)

## ❶ Mga Paraan sa Pagpasok (Pagtanggap sa Pagpasok)




Dibisyon ng resident registration sa tanggapan ng munisipyo (city, ward, town o village)

Ipatala ang inyong pagpasok (Tennyu todoke) sa lugar na iyan.

Board of Education ng city, ward, town o village

Ipaalam na gusto ninyong ipasok ang bata sa paaralan ng Japan.


Ibibigay ang "Application Form for Enrollment of Non-Japanese Students" (Gaikokujin jido seito nyugaku shinseisho) o "Guide for School Enrollment" (Shugaku annai) (para lamang sa mga bagong papasok sa paaralan).

Talaan ang mga kinakailangang bagay sa "Application Form for Enrollment of Non-Japanese Students" at i-submit.

Ibibigay ang "Enrollment Permit for Non-Japanese Students" (Gaikokujin jido seito nyugaku kyokasho) (Ibibigay sa oras na mag-submit ng papeles o ipapadala sa koreo).

*Kumpirmahin ang pangalan at lugar ng itinalang paaralan.

Paaralan




Pumunta sa itinakdang paaralan at makipag-usap sa guro ukol sa magiging buhay sa paaralan sa hinaharap.

〇Mga kailangang dalhin

- "Enrollment Permit for Non-Japanese Students" (Gaikokujin jido seito nyugaku kyokasho)
- Papeles na may kinalaman sa pag-aaral ng estudyante sa paaralan sa kanyang sariling bansa
(Halimbawa, certificate of enrollment at transcript of records)

学校では、今後の学校生活を有意義なものにするために、次のようなことについて保護者と話し合います。

・児童生徒の名前と呼称　・性別　・生年月日　・来日年月日
・国籍　・現住所　・滞在期間　・滞在予定　・生育歴
・母国での学習歴　・母国での学年（就学年数）　・日本語学習歴
・病歴やアレルギーなど　・好きな教科　・得意なこと
・趣味・将来（進路）の希望

・家族構成（名前）　・連絡先及び方法（緊急時・勤務先・通訳等）
・登下校の方法　・家族の日本語学習歴　・通訳者等

外国人の子供が日本の学校教育を受ける場合、基本的には日本の子供と同じ教育を受けます。

日本の学校では、子供は年齢により学年が決められます（４月２日から翌年の４月１日までに生まれた子供は同じ学年になります）。したがって、編入した学年が、母国の学校の学年と一致しない場合があります。ただし、日本語能力が十分でない等の事情により、年齢相当の教育課程を受けることが適切でないと判断された場合は、一時的に下の学年に編入することもあります。

そのほか、市区町村によっては、日本語指導を十分に受けるために、指定された学校を別の学校に変えることができる場合があります。また、障害がある場合には特別支援学校や小学校・中学校にある特別支援学級に編入することができる場合もあります。

これらについては、市区町村教育委員会に相談してください。

Sa paaralan, upang maging makabuluhan ang buhay sa paaralan sa hinaharap, pag-uusapan ng magulang/tagapag-alaga at guro ang ukol sa mga sumusunod na bagay.

- Pangalan ng estudyante at pangalan na ginagamit sa Japan o kung paano tatawagin ang estudyante sa paaralan
- Kasarian
- Petsa ng kapanganakan
- Petsa sa pagdating sa Japan
- Nasyunalidad
- Kasalukuyang tirahan
- Panahon ng pagtigil sa Japan
- Balak na panahon ng pagtigil sa Japan
- Kung paano lumaki ang estudyante hanggang ngayon
- Edukasyon na kinuha ng estudyante sa sariling bansa
- Baytang ng estudyante sa sariling bansa (bilang ng taon ng ipinasok)
- Edukasyon ng wikang Hapon na kinuha ng estudyante
- Nakaraang sakit, allergy atbp.
- Paboritong subject
- Mga bagay na nagagawa nang mahusay
- Paboritong libangan (hobby, mga bagay na gustong gawin)
- Ninanais na gawin, kurso o landas sa kinabukasan

- Kabuuan ng pamilya (pangalan)
- Taong maaaring kontakin at paraan ng pagkontak (oras ng kagipitan, lugar ng pinagtatrabahuan, tagapagsalin o interpreter, atbp.)
- Paraan ng pagpasok sa paaralan at pag-uwi sa bahay
- Edukasyon ng wikang Hapon na kinuha ng pamilya
- Tagapagsalin o interpreter atbp.

Kung ang dayuhang bata ay kukuha ng edukasyon sa paaralan ng Japan, pangkaraniwan, ang turing ay pareho sa mga batang Hapon.

Sa mga paaralan ng Japan, itinatakda ang baytang na papasukan ng bata ayon sa edad (ang mga batang ipinanganak mula ika-2 ng Abril hanggang sa ika-1 ng Abril ng susunod na taon ay nasa parehong baytang). Kaya maaaring hindi magkatugma ang baytang na pinasukan ng bata sa baytang ng bata sa paaralan sa kanyang sariling bansa. Subalit, kung itinuring na hindi pa nakahanda ang bata sa nararapat na baytang ayon sa kanyang edad dahilan sa hindi sapat ang kakayahan sa wikang Hapon o iba pa, maaaring ipasok muna nang pansamantala sa mas mababang baytang.

Bukod dito, ayon sa city, ward, town o village, kahit hindi itinalang paaralan maaaring baguhin ang paaralan na papasukan ng bata sa ibang paaralan upang matanggap ng bata ang mayamang pagtuturo ng wikang Hapon. Kung may kapansanan ang bata, maaari ring ipasok sa school for special needs education o sa special class na nasa elementary school at junior high school.

Ukol sa mga ito, kumonsulta lamang sa Board of Education ng city, ward, town o village.

## ❷ 国内転学の手続き

日本国内での転居等により、就学すべき学校が変わる場合があります。その場合は次のような手続きが必要です。

保護者

**学　校**

転居することを伝える。

**市区町村　住民登録担当窓口**

転出届の手続きをする。

**学　校**

①「在学証明書」と②「教科用図書給与証明書」をわたす。

**転居先の市区町村　住民登録担当窓口**

転入届の手続きをする（転居後 14 日以内）。

**転居先の市区町村教育委員会**

「転入学許可書」（又は「入学許可書」）をわたす。

保護者　子供

**転学先の学校**

①「在学証明書」と②「教科用図書給与証明書」を提出する。

※あとは、編入学の手続きと同じです。

## ❷ Mga Paraan sa Paglipat ng Paaralan sa Loob ng Bansa (Japan)

Kung kailangang lumipat ng paaralan ang estudyante dahilan sa paglipat ng tirahan o iba pa sa loob ng Japan, ang sumusunod na mga paraan ang kailangang gawin.

Magulang/ tagapag-alaga

Paaralan

Ipaalam na lilipat kayo sa ibang lugar.

Dibisyon ng resident registration sa tanggapan ng munisipyo (city, ward, town o village)

Ipatala ang inyong paglipat (Tenshutsu todoke) sa ibang lugar.

Paaralan

Ibibigay ang 1) "Student Registration Certificate (Zaigaku shomeisho)" at 2) "Certificate for Provision of Textbooks (Kyokayotosho kyuyo shomeisho)".

Dibisyon ng resident registration sa tanggapan ng lilipatang munisipyo (city, ward, town o village)

Ipatala ang inyong pagpasok (Tennyu todoke) sa lugar na iyan. (sa loob ng 14 araw pagkatapos ng paglipat)

Board of Education ng lilipatang munisipyo (city, ward, town o village)

Ibibigay ang "School Transfer Permit (Tennyugaku kyokasho)" (o "Enrollment Permit (Nyugaku kyokasho)").

Bata

Magulang/ tagapag-alaga

Lilipatang paaralan

I-submit ang 1) "Student Registration Certificate (Zaigaku shomeisho)" at 2) "Certificate for Provision of Textbooks (Kyokayotosho kyuyo shomeisho)".

*Ang mga paraan na sumusunod dito ay pareho sa mga paraan para sa pagtanggap sa pagpasok.

◎日本の市区町村教育員会や学校は、他の市区町村と連携して転学の手続きを行っています。

◎転学する場合は、必ず事前に、学校又は市区町村教育委員会に相談してください。

## ※ 帰国等の場合

帰国等により出国する場合については、必ず事前に、学校又は市区町村教育委員会に相談してください。

◎Ang mga Board of Education ng city, ward, town o village at mga paaralan ay gumagawa ng mga paraan sa paglipat ng paaralan sa pakikipagtulungan sa ibang mga munisipyo.
◎Sa paglipat ng paaralan, kumonsulta muna sa paaralan o Board of Education ng city, ward, town o village.

## *Sa pagbalik sa sariling bansa atbp.

Kung kailangang lumabas ng Japan dahilan sa pagbalik sa sariling bansa atbp., kumonsulta muna sa paaralan o Board of Education ng city, ward, town o village.

# ３．学校生活について（小学校・中学校）

## ❶ 学校の１日

授業時間数は、曜日や学年によって異なります。土曜日、日曜日は原則休みです。

１時限は、一般に小学校は４５分、中学校は５０分です。

小学校では、担任の先生が中心になって、ほとんどの教科を指導します。中学校では、教科ごとに先生が替わります。

### ◆給食の時間

多くの小学校及び中学校は、学校教育活動の一環として学校給食を実施しています。学校給食では、児童生徒が配膳や後かたづけをすることが一般的です。また、みんながそろって楽しく、栄養バランスのとれた食事をとることを通じて、正しい食事の在り方や好ましい人間関係を学び、生涯にわたって健康な生活を送れるよう、様々な工夫がなされています。

給食費は、保護者が負担することになっています。

※健康上、あるいは宗教上の理由により食べることができない食材等がある場合は、学級担任に相談してください。

### ◆清掃の時間

日本の学校では、自分たちの使う教室や校庭などを分担して、児童生徒が清掃します。

### ◆部活動

児童生徒のうち希望者は、放課後に、運動や文化的な活動を行うことができます。

# 3. Ukol sa Buhay sa Paaralan (Elementary School at Junior High School)

## ❶ Ang Isang Araw sa Paaralan

Ang bilang ng oras ng klase ay iba-iba ayon sa araw at baytang. Ayon sa patakaran, walang pasok sa Sabado at Linggo.

Karaniwan, 45 minuto ang isang klase sa elementary school at 50 minuto sa junior high school.

Sa elementary school, ang homeroom teacher ang sentro sa pagtuturo sa karamihan sa mga subject. Sa junior high school, nagpapalitan ang mga guro ayon sa subject.

### ◆Oras ng School Lunch

Karamihan sa mga elementary school at junior high school ay isinasagawa ang school lunch bilang bahagi ng aktibidad ng edukasyon sa paaralan. Karaniwan sa school lunch, ang mga estudyante mismo ay naghahanda at nagliligpit. Isinasagawa ang iba't ibang paraan upang masayang magkakasalo sa pamamagitan ng pagkain ng may tamang balanse, upang matutunan ang tamang pagkain at pakikisama sa ibang tao, at magkaroon ng malusog na pamumuhay sa buong buhay.

Ang gastos sa school lunch ay sinasagot ng mga magulang/tagapag-alaga.

*Kung ang estudyante ay may mga hindi nakakaing sangkap ng pagkain atbp. dahilan sa kalusugan o pananampalataya, kumonsulta sa homeroom teacher.

### ◆Oras ng Paglilinis

Sa paaralan ng Japan, naghahati silang lahat sa paglilinis ng kanilang mga classroom, school yard atbp.

### ◆Aktibidad ng Club

Matapos ang klase, maaaring magsagawa ng aktibidad tulad ng isports o aktibidad na pang-kultura ang mga estudyanteng nagnanais gumawa.

## ❷ 学校の１年

日本の学校は毎年４月に始まり、３月に終わります。
多くの学校は、１年間を２つないし３つの学期に分けています。
各学期の主な学校行事は次のとおりです（例は３学期制の場合です）。
学校行事の名称や内容、時期などは、地域や学校により異なります。

### ◆1学期　4月～7月

〇始業式（４月）

学期の始まりの式です。２学期（９月）、３学期（１月）にもあります。

〇入学式（４月）

１年生に入学する児童生徒の入学を祝う行事です。１年生の児童生徒の保護者も出席します。

〇身体測定・定期健康診断（４～６月）

児童生徒の身長、体重などを測ったり、視力などを検査します。
児童生徒の健康状態を医者が検診します。

〇修学旅行

主に最高学年において、学年全員で宿泊を伴う数日間の旅行をします。

〇遠足・校外学習

校外に出かけ、体験活動や見学をします。

〇授業参観・学級懇談会

保護者が学校へ行き、授業の様子や児童生徒の学校生活の様子をみます。
また、学校や家庭生活について、保護者と学級担任が情報交換をします。

〇終業式（７月）

学期の終わりの式です。２学期（１２月）にもあります。

### ◆夏休み（7月末～8月末）

約３０～４０日間の休みです（地域によって日数が違います）。

## ❷ Ang Isang Taon sa Paaralan

Ang paaralan ng Japan ay nagsisimula sa Abril at nagtatapos sa Marso taun-taon.

Sa karamihan sa mga paaralan ay nahahati ang taunang pag-aaral sa dalawa o tatlong semestre.

Ang mga pangunahing event sa paaralan sa bawat semestre ay ang mga sumusunod (Ang halimbawang nakatala sa ibaba ay para sa sistemang pang-tatlong semestre).

Ang tawag, mga ginagawa sa event, panahon atbp. ay may pagkakaiba ayon sa lugar at paaralan.

### ◆Ang Unang Semestre: mula Abril hanggang Hulyo

○Opening Ceremony (Shigyo shiki) sa Abril

Ito ay ceremony sa simula ng mga semestre ng paaralan. Mayroon din ang event na ito sa pangalawang semestre (Setyembre) at pangatlong semestre (Enero).

○Entrance Ceremony (Nyugaku shiki) sa Abril

Ito ang event na ipinagdiriwang ang pagpasok ng mga estudyanteng papasok sa unang baytang. Dumadalo rin ang mga magulang/tagapag-alaga ng mga estudyante ng unang baytang.

○Pagsukat sa Katawan at Regular na Pagsusuri sa Kalusugan (Shintai Sokutei at Teiki Kenko Shindan) (mula Abril hanggang Hunyo)

Sinusukat ang taas at bigat at susuriin ang paningin atbp. ng mga estudyante. Ang mga doktor ang tumitingin sa kalagayan ng kalusugan ng mga estudyante.

○School Tour (Shugaku ryoko)

Ito ay event na karaniwan ay para sa mga estudyanteng nasa pinakahuling baytang, na ang lahat ng estudyante sa baytang ay bumibiyahe nang ilang mga araw na may kasamang tuluyan.

○Excursion at Aktibidad sa Labas ng Paaralan (Ensoku at Kogai gakushu)

Ang mga estudyante ay lumalabas sa paaralan upang makaranas at makapag-obserba ng iba't ibang bagay.

○Pagdalaw ng Magulang/Tagapag-alaga sa Paaralan at Talakayan ng mga magulang/tagapag-alaga at mga guro (Jugyo sankan at Gakkyu kondankai)

Ang mga magulang/tagapag-alaga ay pumupunta sa paaralan at tumitingin sa kalagayan ng klase at kalagayan ng mga estudyante sa paaralan. Ang mga magulang/tagapag-alaga ay nagpapalitan din ng impormasyon sa mga guro (homeroom teacher) ukol sa buhay ng mga estudyante sa paaralan at tahanan.

○Closing Ceremony (Shugyo shiki) sa Hulyo

Ito ay ceremony sa wakas ng mga semestre ng paaralan. Mayroon din ang event na ito sa pangalawang semestre (Disyembre).

### ◆Summer Holiday (Natsu yasumi) (mula katapusan ng Hulyo hanggang katapusan ng Agosto)

Isang mahabang bakasyon na may mga 30~40 araw. (Iba-iba ang haba ng bakasyon ayon sa lugar.)

◆**2学期　9月～12月**

〇始業式（９月）

〇運動会・体育大会

短距離走やリレー、玉入れやダンスなどをしたり、学級の友達の応援をしながら、運動に親しむ行事です。

〇音楽・演劇鑑賞会

優れた芸術を鑑賞したり、音楽を聴いたりして心を豊かにします。

〇学芸会・文化祭

児童生徒が製作した作品やレポートなどの展示や、児童生徒が楽器の演奏や合唱、演劇等の発表をしたり、それらを鑑賞したりする会です。

〇終業式（１２月）

◆**冬休み（12月末～1月初め）**

約２週間の、比較的短い休みです（地域によって日数が違います）。

◆**3学期　1月～3月**

〇始業式（１月）

〇卒業式（３月）

最上級生の学校の卒業を祝う行事です。

〇修了式（３月）

第３学期の終業式であるとともに、１年の締めくくりの式です。

◆**春休み（3月末～4月初め）**

この休みが終わると、進級または進学します。

◆**Ang Pangalawang Semestre: mula Setyembre hanggang Disyembre**

〇Opening Ceremony (Shigyo shiki) sa Setyembre

〇Araw ng Isports (Undokai, Taiiku taikai)

Ito ay isang event upang mapalapit ang loob sa isports habang naglalaro ng maikling takbuhan, relay, ball games, pagsasayaw at habang pinapalakpakan ang mga kaibigan sa klase.

〇Pakikinig ng Musika at Panonood ng Teatro (Ongaku kanshokai, Engeki kanshokai)

Pinagyayaman ang puso sa pamamagitan ng panonood at pakikining sa magagaling na sining.

〇Art Exhibition at Cultural Festival (Gakugeikai, Bunkasai)

Sa event na ito, itinatanghal ang mga ginawang proyekto at mga report ng mga estudyante, ang mga estudyante ay nagtutugtog ng instrumentong pangmusika, sama-samang kumakanta (chorus), nagpapalabas at nanonood ng mga dula.

〇Closing Ceremony (Shugyo shiki) sa Disyembre

◆**Winter Holiday (Fuyu yasumi)**
**(mula katapusan ng Disyembre hanggang simula ng Enero)**

Maikling bakasyon kung ikukumpara na may mga dalawang lingo. (Iba-iba ang haba ng bakasyon ayon sa lugar.)

◆**Ang Pangatlong Semestre: mula Enero hanggang Marso**

〇Opening Ceremony (Shigyo shiki) sa Enero

〇Graduation Ceremony (Sotsugyo shiki) sa Marso

Ito ay event na ipinagdiriwang ang pagtatapos sa paaralan ng mga estudyanteng nasa pinakahuling baytang.

〇Ending Ceremony (Shuryo shiki) sa Marso

Ito ay event na isinasagawa sa pagtatapos ng pangatlong semestre at isang taon.

◆**Spring Holiday (Haru yasumi)**
**(mula katapusan ng Marso hanggang simula ng Abril)**

Matapos ng bakasyong ito, tutuloy sa mas mataas na baytang o papasok sa mas mataas na paaralan.

## ○国民の祝日○

国民の休日は、次のように定められ、この日は学校は休みになります。

| | |
|---|---|
| １月１日（元日） | 年の初めを祝います。 |
| １月第２月曜日（成人の日） | おとな（二十歳）になったことを自覚し、みずから生き抜こうとする青年を祝いはげます。 |
| ２月１１日（建国記念の日） | 建国をしのび、国を愛する心を養う。 |
| ３月春分日（春分の日） | 自然をたたえ、生物をいつくしむ。 |
| ４月２９日（昭和の日） | 激動の日々を経て、復興を遂げた昭和の時代を顧み、国の将来に思いをいたす。 |
| ５月３日（憲法記念日） | 日本の国の憲法の施行を記念し、国の成長を願う。 |
| ５月４日（みどりの日） | 自然に親しむとともにその恩恵に感謝し、豊かな心をはぐくむ。 |
| ５月５日（こどもの日） | こどもの人格を重んじ、こどもの幸福をはかるとともに、母に感謝する。 |
| ７月第３月曜日（海の日） | 海の恩恵に感謝するとともに、海洋国日本の繁栄を願う。 |
| ８月１１日（山の日） | 山に親しむ機会を得て、山の恩恵に感謝する。（平成 28 年から） |
| ９月第３月曜日（敬老の日） | 多年にわたり社会につくしてきた老人を敬愛し、長寿を祝います。 |
| ９月秋分日（秋分の日） | 祖先をうやまい、なくなった人をしのぶ。 |
| １０月第２月曜日（体育の日） | スポーツにしたしみ、健康な心身をつちかう。 |
| １１月３日（文化の日） | 自由と平和を愛し、文化をすすめる。 |
| １１月２３日（勤労感謝の日） | 勤労をたっとび、生産を祝い、国民たがいに感謝しあう。 |
| １２月２３日（天皇誕生日） | 天皇の誕生日を祝う。 |

## ○Mga Piyesta Opisyal○

Itinatakda ang mga piyesta opisyal tulad ng nakatala sa ibaba. Walang pasok sa paaralan sa mga araw na ito.

| | |
|---|---|
| Enero 1 (Araw ng Bagong Taon) | Ipinagdiriwang ang pagsisimula ng bagong taon. |
| Pangalawang Lunes ng Enero (Araw ng mga Kabataan na Naging Mayor-de-edad, Coming of Age Day) | Ipinagdiriwang ang pagkakaroon ng kamalayan sa pagiging mayor-de-edad (20 taong gulang) ng mga kabataan na magsisimulang mamuhay ng sarili. |
| Pebrero 11 (Araw ng Pagtatag ng Bansa, National Foundation Day) | Ginugunita ang pagkakatatag ng bansa, pinauunlad ang kalooban ng pagmamahal sa bansa. |
| Vernal Equinox Day sa Marso (Vernal Equinox Day) | Hinahangaan ang kalikasan at hinahalagahan ang mga nilalang. |
| Abril 29 (Araw ng Showa) | Iniisip ang panahon ng Showa kung saan muling nakabangon ang bansa pagkatapos dumaan ang napakagulong mga araw at tinatanaw ang kinabukasan ng bansa. |
| Mayo 3 (Araw ng Saligang Batas) | Ipinagdiriwang ang pagpoproklama ng Saligang Batas ng Japan at hinahangad ang pag-unlad ng bansa. |
| Mayo 4 (Araw ng Halaman) | Pinagyayaman ang kalikasan at pinasasalamatan ang mga pakinabang na idinudulot nito, at pinagyayaman ang kalooban. |
| Mayo 5 (Araw ng mga Bata) | Hinahalagahan ang pagkatao ng mga bata at hinahangad ang kanilang kaligayahan, at pinasasalamatan ang mga ina. |
| Pangatlong Lunes ng Hulyo (Araw ng Karagatan) | Pinasasalamatan ang mga pakinabang na idinudulot ng dagat at hinahangad ang kaunlaran ng bansa ng napapaligiran ng karagatan. |
| Agosto 11 (Araw ng mga Bundok) | Pinagyayaman ang mga bundok at pinasasalamatan ang mga pakinabang na idinudulot ng mga bundok. (Mula sa taong 2016) |
| Pangatlong Lunes ng Setyembre (Araw ng Paggalang sa mga Matatanda) | Iginagalang at pinasasalamatan ang mga matatanda na tumutulong sa lipunan at ipinagdiriwang ang kanilang mahabang buhay. |
| Autumnal Equinox Day sa Setyembre (Autumnal Equinox Day) | Iginagalang ang mga ninuno at ginugunita ang mga namatay. |
| Pangalawang Lunes ng Oktubre (Araw ng Isports) | Nilalapitan ang kalooban sa isports at pinauunlad ang malusog na katawan at pag-iisip. |
| Nobyembre 3 (Araw ng Kultura) | Hinahalagahan ang kalayaan at kapayapaan, at pinauunlad ang kultura. |
| Nobyembre 23 (Araw ng Pagpapasalamat sa Paggawa, Labor Thanksgiving Day) | Hinahalagahan ang paggawa, ipinagdiriwang ang produksyon at pinasasalamatan ang isa't isa. |
| Disyembre 23 (Kaarawan ng Emperador) | Ipinagdiriwang ang kaarawan ng emperador. |

## ❸ 評価

児童生徒の成績や学校生活の様子については、学期末の通知表などにより学校から家庭に伝えられます。

## ❹ きまり・規則

一人一人が健康で安全に楽しい生活が送れるように、学校にはいろいろなきまりがあります。

小学校では、多くの学校は服装や持ち物の規定はありませんが、体育の授業の時は、動きやすい運動着に着替えるのが一般的です。中学校では、それぞれの学校で服装を規定していることが多く、靴は、歩いたり運動しやすいものとされています。

校舎内では、多くの学校は上履きに履き替えています。

多くの学校では、マニキュアをしたり、ピアス等のアクセサリーを付けたりして登校することを禁じています。また、学校でおやつを買ったり、食べたりすることはできません。

## ❺ 健康と安全

学校では、児童生徒の健康と安全に留意しています。

### ◆保健室

児童生徒が病気になったり、けがをしたりしたときなどは、保健室で救急処置をし、必要により病院や家庭に連絡をします。

また、保健室では健康管理や保健指導、健康相談なども行います。

## ❸ Pagbibigay ng Marka

Ipinaaalam ng paaralan sa mga tahanan ang marka ng mga estudyante at ang kalagayan ng buhay sa paaralan sa pamamagitan ng school report sa katapusan ng semestre at sa iba pang mga paraan.

## ❹ Regulasyon/Patakaran sa Paaralan

May iba't ibang regulasyon sa paaralan upang magkaroon ang isa't isang estudyante ng ligtas, mabuting kalusugan at masayang buhay sa paaralan.

Sa karamihan sa mga elementary school, walang tuntunin sa pagdadamit at sa mga gamit pang-paaralan, ngunit kailangang magbihis sila ng sportswear na madaling ikilos sa oras ng klase sa edukasyong pangkatawan. Sa junior high school, karaniwang may sariling tuntunin ang bawat paaralan sa pagdadamit at dapat magsuot ang estudyante ng sapatos na madaling ilakad at ikilos.

Sa karamihan sa mga paaralan ay nagsusuot ng sapatos na gamit lamang para sa loob ng paaralan.

Sa karamihan sa mga paaralan, ipinagbabawal ang pagmamanicure at ang pagsuot ng mga accessory tulad ng pierce sa pagpasok sa paaralan. Hindi rin maaaring bumili at kumain ng miryenda/chichiria sa paaralan.

## ❺ Kalusugan at Kaligtasan

Binibigyan ng atensyon sa paaralan ang kalusugan at kaligtasan ng mga estudyante.

### ◆Health Room

Kung magkakasakit o masusugatan ang mga estudyante, binibigyan sila ng first-aid treatment sa health room ng paaralan, tatawagan ang ospital at tahanan ng estudyante kung kinakailangan.

Ang health room din ang namamahala sa pagtingin at pagbibigay ng payo ukol sa kalusugan ng mga estudyante.

◆**定期健康診断**

児童生徒の健康状態を把握するために、法律の定めるところにより、定期的に健康診断を行います。その結果に基づいて、治療勧告や保健指導を実施します。

〇学校が行う検査

身長、体重、視力、聴力、結核、心電図、尿検査等

（学年により実施しないものもあります。）

〇学校医による診察

内科、眼科、耳鼻咽喉科、歯科

◆**独立行政法人日本スポーツ振興センター「災害共済給付」**

学校生活中の事故やけがに備える制度として、「独立行政法人日本スポーツ振興センター」の「災害共済給付制度」が設けられています。

掛金の一部は保護者の負担になっています。

# ❻ 学校と家庭の連携

学校には、「PTA」という保護者と先生の会があり、協力しあって教育が円滑に進むよう支援する活動をしています。

保護者と先生が協力して、「親子参加による自然体験」や「登下校時の安全指導」などの活動を行います。

◆**Regular na Pagsusuri sa Kalusugan**

Upang masubaybayan ang kalagayan ng kalusugan ng mga estudyante, bilang pagsunod sa batas, nagbibigay ng regular na pagsusuri sa kalusugan ang mga paaralan. Isinasagawa ang rekomendasyon sa paggagamot at pagpapayo sa kalusugan ayon sa resulta na magiging basehan.

○Mga Pagsusuri na Isinasagawa ng Paaralan

Taas, bigat, paningin, pandinig, tuberculosis, electrocardiogram, pagsusuri ng ihi, atbp. (Hindi lahat ang isinasagawa sa bawat baytang.)

○Medikal na Pasusuri Ayon sa Doktor ng Paaralan

Loob ng katawan (internal medicine), mata (ophthalmology), tenga, ilong, lalamunan (otorhinolaryngology), ngipin (dentistry)

◆**Injury and Accident Mutual Aid Benefit System ng Incorporated Administrative Agency JAPAN SPORT COUNCIL**

Itinatag ang Injury and Accident Mutual Aid Benefit System ng Incorporated Administrative Agency JAPAN SPORT COUNCIL upang makapaghanda sa aksidente o sugat sa pagsasagawa ng aktibidad sa paaralan.

Sinasagot ng mga magulang/tagapag-alaga ang isang bahagi ng hulog (premium).

## ❻ Pagtutulungan ng Paaralan at Tahanan

May asosasyon ang mga magulang/tagapag-alaga at mga guro sa paaralan na tinatawag na PTA (Parents and Teachers Association) na nagtutulungan sa aktibidad sa pagsuporta upang maipagpatuloy nang maayos ang edukasyon.

Sa pagtutulungan ng mga magulang/tagapag-alaga at mga guro, isinasagawa ang mga aktibidad tulad ng “pagdanas sa kapaligiran na magkasama ng mga magulang at anak” at “pagtuturo ukol sa kaligtasan sa oras ng pagpasok sa paaralan at pag-uwi”.

# 4．教育相談について

## ❶ 学校の教育相談

日本の学校では、保護者と学校の先生が子供のことを話し合う教育相談の機会があります。子供の学校生活上の問題、例えば、いじめ、不登校、進学の悩みなどは、この機会を利用するとよいでしょう。必要な場合は、通訳などを介して相談することもよいでしょう。

### ◆家庭訪問

担任の先生が子供の家庭を訪問して、子供の学校や家庭での様子について保護者と話し合います。実施しない学校もあります。

### ◆保護者会

保護者が学校に行き、校長先生の話を聞いたり、担任の先生と話し合いをしたりします。個人的な相談というよりは、子供たち全体に関わる問題について話し合うことが中心となります。

### ◆個人面談

通常は、子供自身や子供の保護者と担任の先生との間で行われる話し合いや相談のことをいいます（子供、保護者、担任の先生の三人で話し合うこともあります）。

個人的な悩みや問題を相談する上で、最もよい機会となります。個人面談は、定められた日時に行いますが、担任から事前に通知されます。また、学校によっては、保護者の申し出により、都合のよい日時に面談の機会を持ったり、通訳をつけたりするなどの配慮をしていることもあります。

# 4. Konsultasyon Ukol sa Edukasyon

## ❶ Konsultasyon Ukol sa Edukasyon sa Paaralan

Ang mga paaralan ng Japan ay may konsultasyon ukol sa edukasyon na nagbibigay ng pagkakataon ng mga magulang/tagapag-alaga at mga guro na makapag-usap ukol sa estudyante. Makabubuting gamitin ang pagkakataong ito kung nag-aalala dahilan sa mga problema sa buhay ng estudyante sa paaralan tulad ng pang-aapi, hindi pagpasok sa paaralan, at pag-aalala sa pagpapatuloy sa pag-aaral. Mabuti ring magsama ng interpreter sa konsultasyon kung kinakailangan.

### ◆Pagdalaw sa Tahanan (Katei homon)

Dumadalaw ang mga homeroom teacher ng paaralan sa bahay ng mga estudyante at pinag-uusapan ng magulang/tagapag-alaga at guro ang ukol sa kalagayan ng estudyante sa paaralan at tahanan. Mayroon din paaralan na hindi nagsasagawa nito.

### ◆Pulong ng mga Magulang/Tagapag-alaga at Guro (Hogosha kai)

Pumupunta ang mga magulang/tagapag-alaga sa paaralan upang makinig sa prinsipal o makipag-usap sa mga homeroom teacher. Ang lahat ng may kinalaman sa estudyante ang magiging sentro ng usapan sa halip na indibiduwal na problema.

### ◆Indibiduwal na Panayam (Kojin mendan)

Ito ang konsultasyon na isinasagawa ang pakikipag-usap sa pagitan ng estudyante at homeroom teacher, o magulang/tagapag-alaga at homeroom teacher. (Maaari din makipag-usap ang estudyante, magulang/tagapag-alaga at homeroom teacher na tatlo lamang.)

Ito ang pinakamabuting pagkakataon sa pakikipagkonsulta ukol sa mga indibiduwal na suliranin at problema. Ang indibiduwal na panayam ay isinasagawa sa itinakdang araw at oras subalit ito ay ipapaalam muna ng homeroom teacher. Gayundin, ayon sa paaralan, isasagawa ang pagkakataon ng panayam sa araw at oras na maluwag ayon sa hiling ng mga magulang/tagapag-alaga at mayroon din konsiderasyon na paglalagay ng interpreter.

## ❷ 学校以外の教育相談機関

学校以外にも、子供の教育相談を行う機関があります。特別支援教育を含む就学に関わる相談や、いじめ、不登校などについては、都道府県や市区町村の教育委員会が相談窓口となります。

### ◆都道府県・市区町村の教育相談機関

**○就学相談窓口**

小学校・中学校は市区町村教育委員会、公立の高等学校や特別支援学校は都道府県教育委員会が窓口となります。

**○外国人専用相談窓口**

都道府県や市区町村の役場の中には、教育相談も含めた一般相談の外国人専用窓口があるところもあり、英語、中国語、ポルトガル語、スペイン語などで相談することができる場合もあります。

## ❷ Mga Institusyon ng Konsultasyon Ukol sa Edukasyon sa Labas ng Paaralan

Mayroon din mga institusyon sa labas ng paaralan na nagsasagawa ng konsultasyon ukol sa edukasyon ng mga estudyante. Ang mga Board of Education ng prefecture, o city, ward, town o village ang magiging bintana ng mga konsultasyon na may kinalaman sa pagpapasok, kasama na ang special needs education, pang-aapi at hindi pagpasok.

### ◆Mga Institusyon ng Konsultasyon Ukol sa Edukasyon sa Prefecture, o City, Ward, Town o Village

○Bintana ng Konsultasyon na May Kinalaman sa Pagpapasok

Ang mga Board of Education ng city, ward, town o village ang magiging bintana ng mga konsultasyon ukol sa mga elementary school at junior high school. Ukol sa mga pampublikong senior high school at school for special needs education, ang mga Board of Education ng prefecture ang magiging bintana.

○Bintana ng Konsultasyon para sa mga Banyagang Tao

Mayroon din mga office ng prefecture, o city, ward, town o village na may nakahandang bintana para sa mga banyagang tao ukol sa pangkaraniwang konsultasyon, kasama ang konsultasyon ukol sa edukasyon na maaaring ikonsulta sa salitang Ingles, Tsino, Portuges, Espanyol at iba pang wika.

［就学案内の例］

年　月　日

保護者　様

教育委員会

お子様の入学にあたって

あなたのお子様は４月から小学校（中学校）に入学する年齢となられますので、下記の小学校（中学校）に入学を希望される場合は、　年　月　日までに教育委員会に就学申請書を提出してください。

各学校では、国籍が違うことによる偏見や差別をなくし、それぞれの国の生活や文化を理解し、ともに生きていこうとする態度を育てるための努力をしています。

記

入学予定校：

入学期日：　　年　月　日

［就学案内の例］

Taon Buwan Araw

Sa mga magulang/tagapag-alaga,

Lupon ng Edukasyon (Board of Education)

Ukol sa pagpasok ng bata sa paaralan

Ang inyong anak/alaga ay nasa tamang gulang na upang pumasok sa elementary school (junior high school) mula Abril. Kung nais ipasok ang inyong anak/alaga sa elementary school (junior high school) na nakatala sa ibaba, i-submit lamang ang aplikasyon sa pagpasok sa paaralan sa Board of Education bago sa Taon( 年) Buwan( 月) Araw( 日).

Pinagsisikapan ng bawat paaralan na alisin ang mga masamang palagay o pambubukod dahilan sa pagkakaiba ng bansa, unawain ang bawat pamumuhay o kultura at linangin ang asal na mamuhay nang magkasama.

Tala

Itinakdang paaralan na papasukan:

Araw ng pagpasok: Taon Buwan Araw

発行元：文部科学省国際教育課

東京都千代田区霞が関 3-2-2

０３－５２５３－４１１１（２０３５）

Inilathala ng Ministri ng Edukasyon, Kultura, Isports, Agham at Teknolohiya

3-2-2 Kasumigaseki, Chiyoda-ku, Tokyo

03-5253-4111 (2035)